Mabini Review
Volume XVI, No. 1, 2026

Polytechnic
University of the
Philippines




# *Anatomy of Recto University: The Spatialization of Labor Production within the Document Forgery Industry*

# Anatomiya ng Recto University: Ang Pagsasaespasyo ng Produksyong Paggawa sa Industriya ng *Document Forgery*

Mary Joy S. Parajas
Polytechnic University of the Philippines
mjsawaan@pup.edu.ph

DOI: https://doi.org/10.70922/8v9jha30

Copy Editor: GERLIE C. OGATIS

Submit to this journal
Other related articles
Announcements
Other PUP Journals

Article History:

Received: February 2, 2026
Accepted : February 26, 2026
Revised: March 5, 2026

Other citation formats:

APA MLA

How to Cite this paper:

Parajas, Mary Joy S. "Anatomiya ng Recto University: Ang Pagsasaespasyo ng Produksyong Paggawa sa Industriya ng Document Forgery." *Mabini Review* 16, no. 1 (2026): 257–272. https://doi.org/10.70922/8v9jha30.

Please contact the publisher for any further use of this work at mabinireview@pup.edu.ph.

Copyright © 2026

CC BY-NC 4.0

# *Anatomy of Recto University: The Spatialization of Labor Production within the Document Forgery Industry*

# Anatomiya ng Recto University: Ang Pagsasaespasyo ng Produksyong Paggawa sa Industriya ng *Document Forgery*

Mary Joy S. Parajas
Polytechnic University of the Philippines
mjsawaan@pup.edu.ph

## Abstract

This paper examines the anatomy of the so-called "Recto University," the informal and illegal industry of document forgery thriving along Recto Avenue in Manila. Using Henri Lefebvre's *Production of Space* and his *Spatial Triad*—spatial practice, conceived space, and lived space—the study analyzes how this space is produced, utilized, and imbued with meaning. It describes the dynamic operations among runners, masters, operators, clients, and even government actors to reveal the tensions between formal and informal, legal and illegal spaces. The paper further illustrates how Recto University emerges as a mechanism for survival amid limited economic opportunities and within a system that demands documented identity for employment and access to services. Ultimately, the analysis argues that Recto University is not merely a hub of illegality but a space produced through unequal power relations, marginalized economies, and social capital that binds together actors striving for livelihood and existence within the city.

Keywords: *document forgery, Lefebvre, production of space, Recto Avenue, Recto University*

## Abstrak

Sinusuri ng papel na ito ang anatomiya ng tinaguriang "Recto University," ang di-pormal at ilegal na industriyang nakasentro sa pamemeke ng mga dokumento sa kahabaan ng Recto Avenue sa Maynila. Gamit ang lente ni Henri Lefebvre sa *Production of Space* at ang kanyang *Spatial Triad*—espasyong hayag *(spatial practice)*, representasyon ng espasyo *(conceived space)*, at kahulugan ng espasyo *(lived space)*—tinalakay ang paraan ng paglikha, paggamit, at pagbibigay-kahulugan sa espasyong ito. Inilarawan ang dinamikong kalakaran sa pagitan ng mga *"runner," "master," operator*, kliyente, at maging ng mga aktor mula sa pamahalaan upang maipakita


© 2026 Parajas, M.J.S. | ISSN: 2012-2144 (Print) | ISSN: 2546-0757(Online)

ang tensyon sa pagitan ng pormal at di-pormal, legal at ilegal na espasyo. Ipinakita rin kung paanong nalilikha ang Recto University bilang mekanismo ng pagsasalba o survival sa gitna ng kawalan ng oportunidad at istrukturang humihingi ng dokumentadong identidad para sa pagpasok sa trabaho at akses sa mga serbisyo. Sa huli, ipinapakita ng pag-aaral na ang Recto University ay hindi simpleng pugad ng ilegalidad, kundi isang espasyong produkto ng hindi pantay na kapangyarihan, marhinalisadong ekonomiya, at social capital na bumubuklod sa mga aktor na patuloy na nagnanasa ng kabuhayan at pag-iral sa lungsod.

*Susing-salita:* Lefebvre, pamemeke ng dokumento, produksyon ng espasyo, Recto Avenue, Recto University

## PANIMULA

Hindi kailanman napapatid ang pagdagsa ng mga tao sa kahabaan ng Recto Avenue sa Maynila bilang isa sa mga sentro ng komersyalisasyon ng lungsod. Iba't ibang uri ng negosyo – pormal man o di-pormal ang nananahan dito. Mula sa kahabaan ng University belt hanggang sa Avenida, at maging sa mga eskinita, may mga transaksyong nagaganap sa mga taong naninirahan at pumupunta rito. Kung ilalarawan ang kalye ng Recto, makikitang transitoryo, siksik, at multi-layered ang espasyong ito ng ugnayang pang-ekonomiya at panlipunan. Narito ang huling istasyon ng tren ng LRT 2 na mula sa Antipolo na may tulay na nag-uugnay upang makalipat ng LRT 1 kung babyahe papuntang North o South. May mga istasyon din ng bus na ang ruta ay probinsyal at maraming jeep ang rumuruta dahil na rin dito matatagpuan ang ilang mga tanyag na unibersidad sa Maynila, ang Divisoria, at ang simbahan ng Quiapo. At mula sa mga pormal na institusyon tulad ng mga unibersidad, may di-pormal na industriya ang nalikha sa espasyo ng Recto na di-kalaunan ay maituturing ng industriya – ang Recto University.

Nasa anyong street vending o pag-usbong ng mga tindahan sa bangketa ang pag-okupa sa espasyo ng mga stall sa Recto University na isang manipestasyon na may di-pormal na ekonomiyang umuusbong na madalas matatagpuan sa Global South.[1] Binigyang kahulugan ang street vending bilang pagprodyus ng mga materyal at serbisyo sa mga pampublikong espasyo sa urban na hindi nireregularisa ng pamahalaan at inieespasyo sa mga temporaryong istruktura.[2]

1 Sara Recchi, "Informal street vending: a comparative literature review," *International Journal of Sociology and Social Policy* 41, 7/8 (2021), https://www.emerald.com/ijssp/article-pdf/41/7-8/805/1060779/ijssp-07-2020-0285.pdf.

2 Recchi, "Informal street vending," 807.

Kadalasan ng umookupa rito ay ang mga tao o komunidad na nabibilang sa mababang estado o nasa antas ng lower class na itinuturing na kabuhayan ang pakikipagpalitan ng serbisyo. Hindi ito nangangailangan ng mataas na antas ng kasanayan at maraming pagkukunang materyales at yaman, kaya madalas ang mga taong walang kakayahang mamuhunan ang nagsasagawa nito. Sa mga bansang papaunlad pa lamang tulad ng Pilipinas, ilan sa mga dahilan ng pag-usbong ng street vending dulot ng di-pormal na ekonomiya ay ang pagkakaroon ng kakaunti o mababang antas ng industriyalisasyon, surplus labor, proseso ng urbanisasyon, na sumasabay sa sistema ng ekonomiya na may mababang antas ng paggamit ng teknolohiya at malaking bilang ng low-paid unskilled workers.[3] May apat na kategorya ang street vending – una, ang tinatawag na 'sideline class', sila ang mga nakikipagkalakal sa mga piling aktibidad o okasyon sa isang lokasyon kung saan nagbebenta ng mga produkto o serbisyo bilang dagdag na kita. Ikalawa, ang 'nomadic class', may kahalintulad sa sideline ngunit ang mga taong ito ay itinuturing ang pagbebenta bilang primaryang paraan ng pagkakaroon ng kita at sinusundan ang galaw ng merkado sa buong taon. Ikatlo, ang 'opportunistic class', mga nagbebenta ng produkto na uso o trending sa partikular na panahon tulad ng pagbebenta noon ng facemask dahil sa pandemya. At huli, ang 'traditional class', mas pokus sa isa o iilang produkto lamang ang ibinebenta ng mga tao rito na madalas ay maaaring ihatid sa kostumer.[4] Kung titingnan, maaaring maikategorya ang mga kabahagi ng Recto University bilang mga suma-sideline at nomadic ang uri. May ilan sa kanila na itinuturing na hindi ito pangmatagalang pangkabuhayan dahil na rin sa panganib na dala ng ilegal na gawain. Ngunit marami rin sa kanila na itinuturing itong pangkabuhayan na nakasanayan na sa tagal ng panahon.

Kilala ang Recto bilang notoryus at pugad ng document forgery services o pamemeke ng iba't ibang klase ng dokumento kaya nabansagan bilang Recto University mula pa noong taong 1960. May kakayahan ang mga tao rito na makalikha ng pekeng mga dokumento mula sa valid ID, birth certificate, mga lisensya, maging diploma, transcript of records, hanggang sa pagbibigay ng award. Sindikato kung ituring ang ganitong gawain ngunit sa mga taong kabahagi nito, ito ay hanapbuhay na nagtataguyod ng kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Kung susuriin, hindi kumbensyonal o tradisyonal na pamilihan ang Recto. Iba ang organisasyon nito sa mga pamilihang tulad ng shopping malls o kahit pa sa palengke, hindi simple ang transaksyon sa pagitan ng nag-aalok ng serbisyo sa konsyumer. Walang konsepto ng window shopping tulad sa mall, hindi ka rin pupunta rito para magpalipas-oras, lahat ay nagmamadali.

3 Sally Roever, *Informal Economy Monitoring Study Sector Report: Street Vendors*, (WIEGO, 2014), 4.

4 Abbas Moosvi, "Street Vending: An Introduction and Overview," *The Pakistan Development Review* 62, 1 (2023), 133-134.

Ang mga taong pumupunta rito ay may tiyak na pakay o kailangan na makukuha lamang sa espasyong ito. Hindi nagtatagal. Katunayan, mabilis ang transaksyon ng paggawa at pamemeke ng dokumento, taliwas sa tagal ng oras na ginugugol sa pagkuha ng mga orihinal na dokumento kaya marami ang tumatangkilik sa serbisyo.

Malaki na ang pinagbago ng Recto Avenue sa kasalukuyan nitong estado. Noong panahon ng kolonyalismong Kastila, tinawag ito bilang Paseo de Azcarraga, Calle General Izquierdo, Calle Paz, Calle Bilibid at Calle Iris. Mas kilala ito noon bilang Paseo de Azcarraga na ipinangalan kay Marcelo Azcarraga na isang Kastila-Pilipinong sundalo na ipinanganak sa Intramuros. May malaking gampanin din ang lugar na ito sa kasaysayan bilang dito itinatag ang Katipunan o KKK noong 1892 sa isang kalye na malapit sa Tondo ngunit bahagi pa rin ng Recto. Noong panahon naman ng mga Amerikano, kinilala ito bilang entertainment district dahil dito mata tagpuan ang Teatro Zorilla at Libertad na kapwa kilalang mga opera house na nagpapalabas ng mga komedya, sarswela, drama, opera at di kalaunan ay bodabil. Taong 1961, opisyal itong pinangalanan bilang Claro M. Recto Avenue mula sa dating senador na si Claro M. Recto. Bagamat may mga pagbabago man sa istruktura ng Recto, hindi nagbago ang pagiging sentro ng komersyo nito. Mula sa dating pugad ng mga sinehan, bookstore, at printing shop, lumawak pa sa kasalukuyan ang Recto na nahahati sa pormal at di-pormal na ekonomiyang kinabibilangan ng pamemeke ng dokumento.

Nagtungo ako sa Recto Avenue upang magmasidmasid, magsagawa ng obserbasyon, at idokumento ang kasalukuyang imahe nito partikular ang kahabaan ng mga stall sa harap ng Isetann kung saan sentro ng tinaguriang Recto University. Habang naglalakad, hindi mawawala ang mga nag-aalok ng pekeng dokumento. Haharangin ka, babae man o lalaki, upang itanong kung *"may ipapagawa ka?", "ano ipapagawa mo?", "ano hanap mo?"*. Hindi pormal ang pakikitungo ng mga tao sa likod ng pamemeke sa mga potensyal na kliyente. Walang uniporme, walang ID, at tanging mga signage at sample ng mga pekeng dokumentong nakadikit sa plywood na nababalutan ng plastik ang magsasabi kung anong serbisyo ang iniaalok ng mga ito. Wala ring presyo na nakadikit sa mga sample na dokumento at tanging nasa "pag-uusap" upang malaman ang presyo. Sa aking ilang beses na pagdaan sa kalyeng ito, napansing nalilikha ang espasyong ito sa liminalidad ng pormal at di-pormal, legal at ilegal, na nakapaloob sa dinamika ng pag-ahon o survival sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga taong naghahanapbuhay kahit pa ang mga kliyente nito.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa anatomiya ng Recto University, tatangkain ng papel na ito na suriin ang ugnayan ng espasyo, paggawa, at identidad na nagiging produkto ng di-pantay na kapangyarihan sa lipunan. Sa ganitong lente, ang Recto ay di lamang nagsisilbi bilang lokasyon o pugad

ng ilegalidad, nagsisilbi rin itong espasyo nang pakikipagtunggalian para sa posibilidad ng ekonomikal na kabuhayan. Gamit ang lente ni Lefebvre sa produksyon ng espasyo, tinalakay niya na ang espasyo bilang hindi natural o neutral na lokasyon lamang bagkus ito ay nagsisilbing produkto ng lipunan na hinuhubog, nililikha, at may kahulugan dahil sa ugnayan ng kapangyarihan, mga institusyon, kultura, at ang pang-araw-araw na kilos o gawi ng mga tao. Mula sa tatlong dimensyon ng espasyo o Spatial Triad ni Lefebvre, susuriin ang Recto University mula sa kalye ng Recto sa Maynila ayon sa mga sumusunod: (1) Espasyong Hayag o Spatial practice; (2) Representasyon ng Espasyo o Conceived space; at (3) Kahulugan ng Espasyo o Lived space. Para kay Lefebvre, malaki ang gampanin ng kapangyarihan sa paglikha ng espasyo kaya naman nakabubuo ito ng tensyon at tunggaliang politikal sa mga gumagamit nito.[5]

## Anatomiya ng 'Recto University'




Larawan 1: Kuhang larawan sa Recto Avenue sa isang bahagi ng bangketa na inookupahan ng document printing services

Maikukumpara sa isang malaking mall na bukas at hindi nakakahon ang istruktura ang kahabaan ng Recto Avenue dahil sa dami ng mga street vendor na umookupa sa mga bangketa nito. Isang kapansin-pansin dito ang tindahan na nag-aalok ng serbisyo ng document printing, laminating, at binding na animo mga printing press. Madaling makita ang mga stall na ito dahil na rin sa malalaking

5 Henri Lefebvre, *The production of space*, trans. Donald Nicholson-Smith (Cambridge, Massachusetts: Edition Anthropos, 1991) 33.

signages na nakabandera sa kani-kaniyang puwesto. Ito ang nagsisilbing 'mukha' ng operasyon nang malawakang pamemeke ng dokumento sa Recto. Kung titingnan, legal ang pamamalakad sa negosyong ito, lalo na at matatanaw mula sa loob ang mga permit mula sa lokal na pamahalaan para magsagawa nang operasyon, kaya naman, nananatili ito sa kanya-kanyang puwesto kahit pa magkaroon ng crackdown o raid ang pulisya. Gayunman, ang mga 'runner' ang responsable sa pagkuha ng kliyente. Ang mga taong humaharap sa kliyente upang alamin ang serbisyo o dokumentong ipagagawa nito ay nagmula sa mga stall ng document printing. Sila ang laging nakakasalubong ng mga dumadaan dito at nag-aalok ng kanilang serbisyo. Sa kanila rin ipinababatid ng mga kliyente ang impormasyon ng kanilang dokumento na ipagagawa. At kung pinal na ang transaksyon, agad itong dadalhin sa isang lugar na tanging ang mga nagtatrabaho rito ang nakakaalam. Hindi sa mga stall ng document printing nagaganap ang pamemeke ng dokumento.


Habang hinihintay ng kliyente ang pinagawang dokumento, dinadala ng 'runner' ang mga impormasyon sa tinatawag na 'master', ang master forger na siyang responsable sa pagsasaliksik na madalas sa internet ng sample ng dokumentong ipinagagawa. Siya rin ang gumagawa ng pekeng dokumento katuwang ang tinatawag na 'golden hands' o ang may mahusay na sulat-kamay na siyang responsable sa mga dokumentong hindi kayang gawin sa kompyuter. Mabilis magtrabaho ang mga 'master', ito rin kasi ang inaasahan ng mga kliyente kaya mas pinipiling magpagawa ng pekeng dokumento kaysa kumuha ng orihinal. Kalimitan, matagal na ang ilang oras na paghihintay lalo na kung mahirap humanap ng sample na dokumento at kung hindi ito madalas napapagawa sa kanila. Ang mga dokumento tulad ng diploma, TOR, at iba pang ispesipikong dokumento sa mga bansa sa labas ng Pilipinas ang madalas na natatagalan ang paggawa dahil na rin sa wala pa itong template o pagkokopyahan at wala ring gold seal na madalas pruweba ng pagiging awtentiko ng isang dokumento.

Mula sa pabrika ng pekeng dokumento, ang 'runner' muli ang magdadala ng dokumento sa sa kanilang kliyente. Bagamat, simpleng gawain ang pagdala ng dokumento, ang mga 'runner' ang madalas na nahuhuli tuwing may raid sa Recto. Sila ang napapanagot at nakukulong kahit pa hindi lamang sila ang responsable sa pamemeke. Paglabag ang gawain na ito sa Article 171 Revised Penal Code na pagtatakdang ilegal ang pamemeke o falsification of documents, kaya naman marami nang ikinasang crackdown upang mahuli ang mga taong kabahagi ng sindikato ng pamemeke. Dahil sa ganitong kalakaran, masusuri ang pagkilos ng mga tao sa espasyo o spatial movement ng mga ito bilang galawang 'hustler' o pamilyar at may kahandaan ang kanilang pagkilos kung sakaling magkakaroon ng raid ang pulisya. Mabilisan ang pagkilos ng mga manggagawa rito, mula sa pakikipagtransaksyon sa kliyente hanggang sa pagtakbo tuwing nariyan ang mga pulis upang manghuli. Kaya naman, nagkalilikha ng safety

patterns na nagiging estratehiya ng mga manggagawa kahit pa ng mga kliyente upang maiwasan ang pagkahuli at makompromiso ang kanilang operasyon. Maituturing itong spatial adjustments na hindi lamang ang mga manggawa kundi lahat ng gumagamit sa espasyo ay may kakayahang makibahagi sa pagkilos. Isa riyan ang lookout system o ang mga taong nagsisilbing tagamasid sa paligid at nag-oobserba sa mga galaw ng mga pulis. Gumagamit ng senyas ang mga tao tulad ng pagtango, pagtaas ng kilay, o kaya naman ay pagsipol upang maipahayag ang mga posibleng panganib. Hindi lamang ang mga pulis ang inoobserbahan kundi maging ang mga kliyente na maaaring maging 'asset' o tagasuplong sa mga pulis. May mga nalikha ring liminalidad upang maiwasan ang pagkahuli gaya ng mga itinalagang espasyo na nagsisilbi bilang escape route ng mga ito – mula sa mga backdoor ng document printing stalls, mga masisikip na eskinita, hanggang sa underpass. Kung minsan, gumagamit naman ang iba ng estratehiya ng pakikihalubilo sa mga taong naglalakad sa kahabaan ng Recto Avenue upang hindi madaling matukoy ang mga kasangkot sa gawain.

## Ang Produksyon ng Espasyo ng 'Recto University'

### Espasyong Hayag o Spatial Practice



Larawan 2: Kuhang larawan sa Recto Avenue sa isang stall
ng document printing service

Kung susuriin ang Recto University, hayag na espasyo itong nalilikha dahil sa pangangailangang ekonomikal ng mga taong umookupa rito. Gayunman, nagsisilbing espasyo rin ito ng mga estudyante, komyuter, manggagawa,

propesyonal, at mga ordinaryong mamamayan para sa kani-kanilang gawain o praktis sa pang-araw-araw na nagbibigay-bihis sa Recto bilang maingay, mausok, at masikip ngunit hindi mawawala ang segmentasyon ng mga negosyo o serbisyo bilang nagsisilbi itong sentro ng komersyalisasyon. Sa kanlurang bahagi partikular ang kahabaan ng Avenida hanggang kalye ng Reina Regente matatagpuan ang mga kainan na kalimitan ay mga karinderya, hardware, clothing apparel, mga terminal ng jeep at bus. Sa timog na bahagi naman partikular ang kahabaan ng Morayta hanggang Legarda matatagpuan ang mga unibersidad, bookstore, mga kilalang fastfood chain, at mga dormitoryo. Sa gitnang bahagi naman ng Recto Avenue matatagpuan ang mga stall ng document printing at ang notoryus na Recto University. Kung susuriin, nasa sentrong bahagi ito ng Maynila na malapit sa lahat ng establisyimento at transportasyong umookupa sa kahabaan ng Recto. Dahilan kung bakit madali itong natutunton at madali ring makakuha ng mga kliyente na araw-araw dumadaan sa espasyong ito.

Malaking bahagi ng espasyo ng Recto University ang mismong mga taong umookupa at napapadaan dito. Ang pag-iral ng espasyo ng pamemeke ng dokumento ay hindi magaganap kung wala ang mga taong ginagawa itong hanapbuhay at ang mga taong nangangailangan ng serbisyo. Kung pagbabatayan ang nabanggit ni Lefebvre mula sa papel nina Serin at Irak ukol sa perceived space bilang isang espasyo na may pisikal na pormang nangangahulugan na umiiral at nagagamit ang isang lugar[6], malaki ang gampanin ng pagkilos ng mga tao sa Recto University upang unawain ang praktis na nagaganap dito. Mabilis ang pagkilos ng mga taong umookupa at dumadaan dito. Hindi ito nagsisilbing pahingahan o tambayan bagkus may layunin ang mga taong pumupunta rito o may nagaganap na pakikipagtransaksyon. May mga napapadaan, ngunit tiyak na may layunin kung bakit temporaryong inookupa nila ang espasyo – maaaring pupunta sa paaralan o unibersidad, maaaring pupunta sa sakayan ng jeep, bus, o tren, o kaya naman ay maaaring pupunta sa malapit na simbahan ng Quaipo. Nagsisilbing tulay na umuugnay ang Recto sa iba't ibang gawain ng mga tao na maghahatid sa kanilang layuning puntahan o gawin sa pang-araw-araw.

## Representasyon ng Espasyo o *Conceived Space*

Sa pagsusuri naman sa representasyon ng espasyo, tinatangkang mabalangkas nito kung ano ang imahe o paano nirerepresenta ng isang lugar ang plano o bisyon ng pamahalaan, lokal na pamahalaan, mga arkitekto, at mga urban planner. Sa kaso ng Recto University bilang kabahagi ng sentrong pangkapital ng bansa, ang Maynila, mahalagang maipakita ang bisyon ng lokal na pamahalaan sa espasyo mula sa kanilang mga pagpaplanong urban.

6 Bilge Serin at Daghan Irak, *Production of space from the digital front: From everyday life to the everyday politics of networked practices* (Elsevier Ltd., 2022), 2.

Nakabatay ang bisyon ng kasalukuyang administrasyon ng lokal na pamahalaan ng Maynila sa pangunguna ng City Planning and Development Office ang pagpaplanong urban sa lungsod sa pakikipagtulungan sa UP Resilience Institute upang likhain ang balangkas at iimplementa ang PlanMANILA2030. Layunin nitong maging ligtas, episyente, at may mas pantay na karapatan ang lahat ng naninirahan dito sa mga espasyo na hindi nababalewala ang kasaysayan at kulturang taglay ng lungsod[3]. Dagdag pa rito:

> *The primary goal of PlanMANILA2030 is to formulate an updated long-term spatial and multi-sectoral development framework for the City of Manila that will facilitate urban regeneration as well as harness the City's assets for sustainable, inclusive, efficient, resilient, and smart growth by 2030… Ultimately, PlanMANILA2030 hopes to enable the City to become a model city that utilizes best practices in urban planning and urban regeneration towards inclusivity, efficiency, sustainability, smart development, livability, and resilience.*[7]

Bahagi ang planong ito ng kasalukuyang Alkalde ng Maynila na si Isko Domagoso Moreno bitbit ang tagline na "Make Manila Great Again". Sa kanyang talumpati noong Hunyo 2025, nabanggit niyang sisimulan ang pagbabago at pagpapaunlad sa Maynila sa mga pampublikong kalye nito.[8] Tinawag niya ang lapit na ito na Smart Street Governance kung saan naglalayon na magsimula sa basiko o grassroots, kaya naman kung mapapansin, isa sa mga una niyang ginawa ay ang pagpapalinis ng mga pampublikong espasyo tulad ng kalye sa Divisoria, Binondo, at Recto. Ang paglilinis na kanyang ipinatupad ay hindi lamang literal na pagtatanggal ng mga basura, pagbabawas ng polusyon, at pagbabakbak ng libag sa kalsada kundi layunin din nitong malinis ang krimen na kaakibat ng mga espasyong ito. Sa kabuuan, layunin ni Moreno na maisaayos ang trapiko, magkaroon ng malinis na kapaligiran, masiguro ang kaligtasan ng mga tao, at magkaroon ng disiplina ang komunidad ng mga naninirahan sa Maynila.

Maituturing na kabahagi ng pagpapaunlad na ito ng lokal na pamahalaan ang kalye kung saan matatagpuan ang Recto University. Bilang kalsada o bangketa ang pangunahing inookupang espasyo nito, kasama ito sa regular na nililinis – kalat man o ang pugad ng mga di-pormal na ekonomiya at krimen. Sa unang termino pa lamang ni Moreno noong 2019 bilang alkalde, ikinasa niya ang Operation Baliko na naglalayon na mahuli ang mga tao sa likod ng mga ilegal na aktibidad kasama ang pamemeke ng mga dokumento at lisensya.

---

7 "PlanMANILA2030," UP Resilience Institute, https://resilience.up.edu.ph/projects/planmanila2030/.

8 Diann Calucin, "Mayor Isko unveils bold 10-year vision to 'Make Manila Great Again'," *Manila Bulletin*, July 1, 2025, https://mb.com.ph/2025/07/01/mayor-isko-unveils-bold-10-year-vision-to-make-manila-great-again.

Ayon sa panayam kay Moreno: *"Panahon na para maisawata ang Recto University. We know you, we will find you, and when we do, you will not like it. Mag-impake na po kayo. Magsitigil na po kayo. Tama na po ang kabalastugan niyo sa taumbayan."*[9] Lalong naging matinik ang Alkalde na mahuli ang mga nasa likod ng pamemeke dahil umano sa pag-imprenta na rin ng mga ito ng mga pekeng dokumento na halintulad sa pinoprodyus ng Manila City Hall. Binalaan niya rin maging ang mga opisyal ng barangay na ayon sa kanya ay mga nababayaran kaya nananatili ang ilegal na pamemeke ng mga dokumento sa Quiapo at Recto.[10] Hindi naman na bago ang ganitong paghihigpit sa mga urban na espasyo lalo na at pinaparatangan ang mga nagtitinda sa kalye o bangketa na ilegal ang paggamit sa mga espasyong ito at nakasisira sa imahe ng lungsod o nang buong bansa.[11] Inaakusahan din ang mga ito na sanhi ng kaguluhan sa pampublikong lugar na nakakasira sa pangsosyal na kaayusan ng lungsod.

## Kahulugan ng Espasyo o *Lived Space*




Larawan 3: Kuhang larawan sa Recto Avenue sa isang stall
ng document printing service na nagpapakita ng loob

9 manilabulletin_admin, "Mayor Isko leads raid on 'Recto' diploma mill," Manila Bulletin, December 18, 2019, https://mb.com.ph/2019/12/18/mayor-isko-leads-raid-on-recto-diploma-mill/.

10 manilabulletin_admin, "Mayor Isko to crack down on Recto Avenue diploma mill, fake docs manufacturers," *Manila Bulletin*, December 16, 2019, https://mb.com.ph/2019/12/16/mayor-isko-to-crack-down-on-recto-avenue-diploma-mill-fake-docs-manufacturers/.

11 Recchi, "Informal Street Vending," 816.

Maraming nakakubling simbolo at kahulugan ang makikita sa Recto University. Dahil nga ito ay naglilimi sa pagitan ng pormal at di-pormal, legal at ilegal, may mga hayag at di-hayag na pagpapakahulugan sa espasyo na lalong nagpapatingkad sa nalilikhang kultura at pamumuhay rito.

Kilala ang Recto bilang kanlungan ng mga kilalang unibersidad sa Maynila na matatagpuan sa University Belt kaya naman kung sisipatin, nagbibigay ito ng imahe sa Recto Avenue bilang pormal na espasyo. Naging daan ito para mabuo ang kolokyal na katawagan sa di-pormal na ekonomiyang nalikha ng pamemeke ng dokumento, ang 'Recto University'. Para sa mga taong kabahagi ng gawain na ito, nasasadlak sila sa mundo ng pamemeke dahil na rin sa pangangailangan ng ikabubuhay. Dahil nga malaking bilang sa kanila ay nagmula sa mga pamilyang may mababang estado sa lipunan, ang pamemeke ng dokumento ay paraan upang magkaroon ng mabilis na kabuhayan na nagmumula sa mga naghahanap ng hanapbuhay rin. Kung titignan, isa itong pag-aangat sa kapwa na may katulad nilang estado. Maaaring magkaroon ng diploma at TOR ang mga walang tinapos para makapagtrabaho. Maaaring magkaroon ng valid ID o kaya naman lisensya na magagamit sa paghahanap ng trabaho. Maaaring magkaroon ng discount card sa pamamagitan ng PWD ID o senior citizen card ang mga hikahos sa buhay na umaasa sa mga diskwento. Ang mga danas na ito ang lumikha sa espasyo ng pamemeke ng dokumento bilang alternatibong ekonomiya at industriya na matagal nang nabuo dahil sa kahirapan at kawalan ng oportunidad para sa mga marhinalisado. Ang kalakaran na ito ay nakapaloob din sa pagkakahon sa identidad ng mga Pilipino sa sistemang credential-based o nakabatay sa pagiging edukado upang makahanap nang marangal na trabaho. Gayundin, nakakahon din ang pagkakakilanlan ng isang indibidwal batay sa kanyang ID na nakadepende kung balido ba ito bilang primary identification na madalas hinihingi sa mga ahensya o institusyon ng pamahalaan. Kung babalikan noong panahon ng pandemya, isa sa mga naging dilemma ng maraming Pilipino ang pagtanggap ng ayuda dahil sa kawalan ng balidong ID na magpapatunay ng kanilang pagkakakilanlan. Isa lamang ito sa mga sitwasyong lalong umuusig sa mga Pilipino upang tumangkilik ng serbisyo mula sa pamemeke ng mga dokumento.

Nabanggit din sa unang bahagi ng papel na ito na nagsisilbing 'mukha' o front lamang ang mga stall ng document printing upang maikubli ang ilegalidad ng pamemeke ng dokumento. Kung papasukin ang loob ng mga stall, bukod sa mga malalaking makinarya na ginagamit para sa printing, laminating, at binding services, makikita rin ang ilang mga simbolo ng legalidad ng mga negosyong ito. May mga nakadikit na permit mula sa lokal na pamahalaan, DTI, at BIR para magsagawa ng operasyon ang mga negosyong ito. Bukod dito, mapapansin din sa loob ng mga stall ang mga religious item, at mga family photo ng mga may-ari ng negosyo. Sa kabila ng notoryus na pagkilala sa lugar bilang pugad

ng mga pekeng dokumento, may kapangyarihan ang mga ito na ipakitang may pinanghahawakan silang mga bagay na magpapakita ng pagiging totoong tao na may pagkakakilanlan – mula sa mga santo na nagpapakita ng pagiging relihiyoso o may takot sa Diyos. Ang family photo, na nagbabandera na totoong mga tao, at ang mga permit na legal na dokumentong nagbibigay ng kapangyarihan sa kanila para gumawa ng operasyon. Hindi man hayagan ang operasyon ng pamemeke ng dokumento, ang mga stall na ito naman ang nagsisilbing mukha upang magpatuloy ang gawain na ito.

Politikal din ang Recto University. Sa kabila ng pagiging notoryus nito, at pagkasa ng mga operasyon tulad ng crackdown at raid upang mahuli ang mga pugad ng pagawaan ng dokumento, hindi tuluyang nawawala ang pag-iral nito sa Recto Avenue. Marahil ito ay dahil sa talamak na korapsyon sa hanay ng mga pulis na siyang nagpapatupad ng batas, tulad sa ibang lugar na may subersibong gawain, hindi na bago sa Recto ang kultura ng 'lagay'. Gawain ito kung saan inaabutan, binabayaran, o binibigyan ng malaking halaga ang mga pulis na nagsasagawa ng raid para hindi hulihin o kumpiskahin ang kanilang mga makinarya. Minsan, inaabisuhan na ang mga runner na may ikakasang raid kaya nakapaghahanda ang mga ito. Ngunit mayroon pa ring mga nagtatagumpay na clearing operation lalo na kung ito ay minamatyagan ng mga matataas na opisyal ng pamahalaan o kaya naman ay kung may midya. Nagpapakita lamang ang ganitong relasyon sa pagitan ng mga forger at mga opisyal ng pamahalaan ng tunggalian sa kung paano aangkinin ang pampublikong espasyo. Isang anyo ng pagkontrol ang pagsasagawa ng raid sa Recto upang maisakatuparan ang planong urbanisasyon ng namamahala sa lokal na pamahalaan ng Maynila.

## Ang Recto University bilang Mekanismo ng Pagsasalba

Sa kasalukuyang panahon, kinikilala na ang pakikipagkalakalan sa kalye o street trading bilang sektor kung saan may tinatawag na 'survivalist' at 'opportunist'.[12] Sa kaso ng mga manggagawa sa Recto University, higit silang nakakiling sa pagiging survivalist o pagkakaroon ng mababang kita o kawalan ng kita kaya nakalilikha ng di-pormal na ekonomiya na hindi nireregularisa ng pamahalaan kaya naman itinatakda bilang ilegal na serbisyo. Kadalasan, ang mga nagiging bahagi ng pamemeke ng dokumento ay ang mga indibidwal na may mababang antas ng kakayahan dahil hindi nakapagtapos ng pag-aaral o hindi nakapag-aral, o kaya naman kung pagbabatayan ang depinisyon ni Bhowmik, ang mga indibidwal na nagmula sa rural o mga probinsya na

12 Moosvi, *Street Vending*, 22.

hindi makahanap ng trabaho sa lungsod.[13] Dahil sa kawalan ng trabaho at oportunidad sa mga rural na espasyo, marami ang sumusubok na mamuhay sa lungsod upang makahanap ng kabuhayan.[14] Ngunit marami ang hindi pinapalad na makahanap ng trabaho lalo na sa Maynila, kaya naman sa ganitong lagay, nagiging espasyo para sa kanila ang pamemeke ng dokumento na isinasagawa sa isang pampublikong espasyo upang kumita at may maipambuhay sa kanilang mga sarili at pamilya. Hindi lamang ang mga naghahanapbuhay ang nagiging dahilan kung bakit nananatili ang kalakaran ng Recto University sa isang urban na espasyo. Bilang ito ay isang uri ng pakikipagtransaksyon, mahalaga ring makita na pangunahing pinagsisilbihan ng kanilang serbisyo ay kalimitang ang mga nasa hanay rin ng marhinalisado o urban poor. Para sa mga nasa laylayan, ang mga nagtitinda o nag-aalok ng serbisyo sa bangketa ang makapagbibigay sa kanila ng mga serbisyo, materyal, o maging pagkain sa murang halaga. Sa kaso ng Recto Avenue, bukod sa pamemeke ng dokumento, kilala rin ito bilang lugar na bilihan ng mga class A na sapatos, damit, appliances, gadget, atbp.

Kaya naman, kung susuriin, hindi lamang ang mga naghahanapbuhay rito ang nakikinabang sa nalikhang espasyo at kultura ng Recto University kundi maging ang mga Pilipinong nangangailangan ng trabaho na umaasa sa mga pekeng dokumento upang matanggap sa kani-kanilang papasuking trabaho. Dahil sa pagkakahon sa identidad ng mga Pilipino sa usapin ng paghahanap ng katunayan sa kanilang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng mga dokumento tulad ng ID, birth certificate, diploma, o transcript of record na nagiging daan upang makakuha ng marangal na trabaho, marami ang tumatangkilik sa Recto bilang kapital ng pagpoprodyus ng pekeng dokumento. Isang anyo ito ng social capital na nangangahulugang ugnayan sa pagitan ng mga tao na nagiging daan upang masustina o magtuloy-tuloy ang pinagkukunan ng yaman o materyal.[15] Sa kahulugan naman ng Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD), isa itong social network kung saan may pinagsasaluhang mga tradisyon o paniniwala (norms), pagpapahalaga (values), at pagkakaunawaan na nagiging daan upang mabuo ang kooperasyon sa loob

13 Sharit K. Bhowmik, "Street Vendors in Asia: A Review," *Economic and Political Weekly* 40, 22/23 (2005): 2260, https://www.jstor.org/stable/4416705?read-now=1&seq=5.

14 Bhowmik, "Street Vendors in Asia," 2263.

15 Tavonga Njaya, "Strategies for Daily Survival: The Role of Social Capital among Street Vendors of Harare Metropolitan," *IOSR Journal of Humanities and Social Science* 20, 7 (2015), https://www.academia.edu/download/95150683/O0207298105.pdf.

ng isang pangkat o komunidad.[16] Sa Recto University kung saan ang transaksyon ay nagaganap sa pagitan ng mga indibidwal na nasa marhinalisadong sektor, pinag-uugnay sila ng kakapusan o kawalan ng hanapbuhay sa isang lipunang manipis ang oportunidad para sa kanila. Ang pangangailangan at tiwalang ibinibigay ng kliyente sa runner at ang iba pang di-hayag na kabahagi ng transaksyon ang siyang lalong nagpapatibay sa produksyon ng mga dokumento sa Recto. Kompleks ang ugnayan na ito sapagkat pinapanatili ng mga kabahagi sa transaksyon ang pagiging 'anonymous' sa isa't isa. Hindi nagpapakilala ang runner sa kliyente, gayundin ang lugar kung saan gagawin ang dokumento. Ang walang katiyakan kung babalik o itatakbo ng runner ang ibinayad ng kliyente ang isa sa mga patunay nang pagtitiwala nito. Bukod pa rito, maging ang kapwa mga kabahagi ng serbsiyong ito o bahagi ng Recto Avenue na nasa ibang linya naman ng pormal man o di-pormal na gawain sa lugar, ay kabahagi rin ng nabubuong social capital na nagsisilbi bilang mga 'lookout' sa panahon na mainit sa mata ang industriya sa mga pulis at mga opisyal ng pamahalaan.

## KONGKLUSYON

Hindi lamang pisikal na lugar ang Recto Avenue na may istruktura, establisyimento, at kalye sa pusod ng Maynila. Nagtataglay rin ito ng anatomiya na nagpapakita ng loob at lalim nito bilang espasyong may masalimuot na ugnayan ng kapangyarihan, ekonomiya, at kultura mula sa mga taong umookupa rito bilang kabahagi ng kanilang kabuhayan. Ang Recto University na notoryus at itinuturing bilang pugad ng pamemeke ng dokumento ang isa sa mga nalikhang produksyong paggawa sa lugar na hindi lamang tinitingnan sa lente ng ilegalidad kundi produkto ng kawalan ng oportunidad, sistemang nakabatay sa kredensiyal ang pagkakakilanlan, at pangangailangang makaligtas sa istrukturang hindi pantay ang akses ng lahat sa kabuhayan.

Gamit ang lente ni Lefebvre, makikitang nananatiling buhay ang kalakarang ito sa Recto University dahil sa mabilis at dinamikong galaw sa pagitan ng mga manggagawa at kliyente ng mga ito. Taliwas din ang gamit at layunin ng espasyong kinatitirikan nito sa hinahangad at layunin ng lokal na pamahalaan – na nakatuon sa kaayusan, seguridad, at pagpapaunlad – sa aktuwal na gamit ng espasyo, makikitang hinuhubog ito ng di-pormal na ekonomiya. Kahit anong pagpapatalsik o paghuli sa mga tao sa likod ng ganitong kalakaran, babalik pa rin ang mga ito dahil sa kawalan ng pagbabago sa kanilang katayuan. Kaya naman, kung susuriin, ang Recto University ay patuloy na naglilimi hindi

16 Katherine Scrivens and Conal Smith, *Four Interpretations of Social Capital: An Agenda for Measurement* (OECD, 2013), https://www.oecd.org/content/dam/oecd/en/publications/reports/2013/12/four-interpretations-of-social-capital_g17a244e/5jzbcx010wmt-en.pdf.

lamang sa ilegal na kalakarang kaakibat ng espasyong ito kundi maging ang pagkakaroon ng kultura ng pag-angkin at paglikha ng alternatibong pamamaraan ng pamumuhay para sa mga marhinalisadong sektor ng lipunan.

Ang nalikhang ugnayan naman o social capital sa pagitan ng mga kasangkot sa gawain ng pamemeke – mula sa kliyente, runner, forger, at lookout – ang mga nagpapatuloy sa industriya na ito. Hangga't nananaig ang hindi pantay na oportunidad at kakapusan sa marangal na kabuhayan ang mga Pilipino, marami pa rin ang tatangkilik sa mga itinuturing na di-pormal at ilegal na gawain tulad ng nagaganap sa espasyo ng Recto University bilang sandigan sa pang-araw-araw na ikabubuhay. Sa huli, ang Recto University ay nagsisilbing buhay na patunay na ang espasyo ay politikal, may tunggalian, at nalilikha mula sa kapangyarihan ng mga nasa ibaba - sa pamamagitan ng mga taong patuloy na naghahanap ng paraan upang mabuhay kahit sa bangketa at pagitan ng mga pormal na pamantayan ng lipunan.

## MGA SANGGUNIAN


Bhowmik, Sharit. "Street Vendors in Asia: A Review." *Economic and Political Weekly* 40, 22/23 (2005): 2260. https://www.jstor.org/stable/4416705?read-now=1&seq=5.

Calucin, Diann. "Mayor Isko unveils bold 10-year vision to 'Make Manila Great Again'." *Manila Bulletin,* July 1, 2025. https://mb.com.ph/2025/07/01/mayor-isko-unveils-bold-10-year-vision-to-make-manila-great-again.

Lefebvre, Henri. *The production of space.* Cambridge, Massachusetts: Edition Anthropos, 1991.

manilabulletin_admin. "Mayor Isko leads raid on 'Recto' diploma mill." *Manila Bulletin,* December 18, 2019. https://mb.com.ph/2019/12/18/mayor-isko-leads-raid-on-recto-diploma-mill/.

manilabulletin_admin. "Mayor Isko to crack down on Recto Avenue diploma mill, fake docs manufacturers." *Manila Bulletin,* December 16, 2019. https://mb.com.ph/2019/12/16/mayor-isko-to-crack-down-on-recto-avenue-diploma-mill-fake-docs-manufacturers/.

Moosvi, Abbas. "Street Vending: An Introduction and Overview." *The Pakistan Development Review* 62, 1 (2023): 133-134. https://pide.org.pk/research/street-vending-an-introduction-and-overview/.

Njaya, Tavonga. "Strategies for Daily Survival: The Role of Social Capital among Street Vendors of Harare Metropolitan." *IOSR Journal of Humanities and Social Science* 20, 7 (2015). https://www.academia.edu/download/95150683/O0207298105.pdf.

Recchi, Sara. "Informal street vending: a comparative literature review." *International Journal of Sociology and Social Policy* 41, 7/8 (2021). https://www.emerald.com/ijssp/article-pdf/41/7-8/805/1060779/ijssp-07-2020-0285.pdf.

Roever, Sally. *Informal Economy Monitoring Study Sector Report: Street Vendors.* WIEGO, 2014. https://www.wiego.org/wp-content/uploads/2019/09/IEMS-Sector-Full-Report-Street-Vendors.pdf.

Scrivens, Katherine and Conal Smith. *Four Interpretations of Social Capital: An Agenda for Measurement.* OECD, 2013. https://www.oecd.org/content/dam/oecd/en/publications/reports/2013/12/four-interpretations-of-social-capital_g17a244e/5jzbcx010wmt-en.pdf.

Serin, Bilge and Daghan Irak. *Production of space from the digital front: From everyday life to the everyday politics of networked practices.* Elsevier Ltd., 2022. https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S0264275122003286.

UP Resilience Institute. "PlanMANILA2030." https://resilience.up.edu.ph/projects/planmanila2030/.

## TUNGKOL SA MAY-AKDA

Si Mary Joy S. Parajas ay kasalukuyang dalubguro mula sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas sa ilalim ng Kagawaran ng Filipinolohiya. Kasalukuyan siyang kumukuha ng digring PhD in Philippine Studies sa University of the Philippines, Diliman at natapos naman niya ang kanyang digring MA Filipino sa PUP Graduate School noong 2019. Naging Exchange Student siya sa Kagoshima University sa ilalim ng Graduate School of Humanities and Social Sciences sa loob ng isang semestre noong 2018 at naging Language Teaching Assistant sa programang Filipino for Beginners sa K.U. Nakakuha at naging bahagi rin ng *Research Grant* mula sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) at maging ng National Commission on Culture and the Arts (NCCA). Kasalukuyan din siyang Tagapamahalang Editor ng Social Sciences and Development Review Journal na inilalathala ng PUP sa ilalim ng Office of the Vice President for Research, Extension and Development. Naging finalist ang kanyang tesis na "Filipino for Beginners: Pagtuturo ng Wikang Filipino sa mga Mag-aaral na Hapon sa Kagoshima University, Japan" sa Gawad PSLLF sa Saliksik 2020 (Pinakamahusay na Tesis) ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Ink.